ANO ANG KALIBAPI? (WHAT IS THE KALIBAPI?)




Published by the

DEPARTMENT OF INFORMATION

Imperial Japanese Army

(English-Tagalog)



ANO ANG KALIBAPI?

(What is the KALIBAPI?)




Published by the

DEPARTMENT OF INFORMATION

Imperial Japanese Army

(English-Tagalog)



The KALIBAPI arch made in Tarlac-January 15, 1943.

ANO ANG KALIBAPI?

Ang KALIBAPI ay isang pangkaraniwang samahan at pinangangasiwaan nang ayon sa kinaugaliang palakad sa mga samahang panlipunan. Ang KALIBAPI ay hindi isang pangkat sa politika.

Ang puno ng Mataas na Sangguniang Tagapagpaganap ng Pilipinas ay siyang Pangulo ng KALIBAPI. Ang Punong-Patnugot ay Pangalawang-Pangulo ng Kapisanan at Puno ng Lupong Tagapagpaganap ng KALIBAPI. Ang Lupong Tagapayo ay binubuo ng mga Kasangguni sa Mataas na Sangguniang Tagapagpaganap, ng Pangalawang-Pangulo at Punong Patnugot, ng mga Patnugot ng mga Kawanihan at Tanggapan ng Kapisanan, at ng tatlong Patnugot na Pampurok. Ang Lupong Tagapagpaganap ng KALIBAPI ay binubuo ng Pangalawang-Pangulo at Punong Patnugot, at ng mga Patnugot ng mga Kawanihan at Tanggapan ng Kapisanan. Ang Kapisanan ay mayroong apat na kawanihan: Kawanihan ng Madlang-Bagay, Kawanihan ng Pananaliksik at Pagbabalangkas, Kawanihan ng mga Sangay na Panlalawigan at Pambayan, at Kawanihan ng Pamamahayag. Ang Kawanihan ng Madlang-Bagay ay tumutungkol sa mga bagay-bagay na ukol sa kalinisang-budhi, kalusugan ng katawan, kabihasnan, kakayanan sa pamumuhay, karunungan, hanapbuhay, at pamamagitan. Ang Kawanihan ng Pananaliksik at Pagbabalangkas ay gumagawa ng mga pagsaliksik, pagaaral, at pagsisiyasat; bumabalangkas ng mga daan at paraan upang matupad ang mga hangarin at adhikain ng Kapisanan. Ang Kawanihan ng mga Sangay sa pagtatatag at pag-uugnay-ugnay ng mga gawain ng Kapisanan sa mga lalawigan, lungsod, at bayan. Ang Kawanihan ng Pamamahayag ay may tungkuling magkalat ng kabatirang ukol sa mga hangarin at adhikain ng Kapisanan sa pamamagitan ng mga pahayagan, radyo, sine, dulaan, babala, pulong, pagtitipon at mga iba pang karapatdapat na paraang hindi laban sa nauukol na kapangyarihan. Ang Kalihim-Ingat-Yaman ay siyang namamahala sa mga bagay na pampangasiwaan, sa pamimilak, pag-aari, tauhan, talaan, at mga gugulin. Ang tatlong Patnugot na Pampurok ay siyang namamahala sa mga gawain ng KALIBAPI sa mga bayan-bayan sa tatlong purok ng Pilipinas: Luson, Bisaya, at Mindanaw.

Ang KALIBAPI ay KAPISANAN SA PAGLILING-KOD SA BAGONG PILIPINAS. Ang mga pantig ng salitang KA-LI-BA-PI ay galing sa KApisanan sa Pag-LIling-kod sa BAgong PIlipinas. Ang KALIBAPI ay isang samahang itinatag upang matamo ang walang-katapusang kagalingan ng Pilipinas.

Ang kahulugan ng KALIBAPI ay pagsisikap, paglilingkod, at pagkakaisang ukol sa BAGONG PILIPINAS. Walang kinalaman sa Kapisanang ito ang mga tamad at walang ginagawa kundi mangarap. Masikap na paglilingkod ang ipinipilit sa bawa't isa, sa lahat ng panahon, sa lahat ng pook, at sa lahat ng paraan. Walang mga taong umaasa lamang sa gawa ng iba o mga mapagpabukas sa loob ng KALIBAPI. Kung paglilingkod ang kinakailangan ng bansa, ang paglilingkod ay walang atubiling ginaganap agad ng bawa't mamamayang kaanib sa KALIBAPI. Kailangan ng Kapisanan ang masigasig, malakas, at mabungang pagkakaisa ng lahat ng mga sangkap, lahat ng mga talino, at lahat ng mga kadalubhasaan sa Bansa. Kaya't sa ilalim ng watawat ng Kapisanang ito ang lahat



Director-General Aquino speaking at the Convention of Provincial Governors on February 25, 1943.

ng mga pananalig at sagisag na pampolitika ay pinagpisanpisan sa gintong adhikaing maging iisang pagmamalasakit ukol sa lupang tinubuan at sa mga mamamayang Pilipino.

Ang simulain ng paglimot sa sarili ay siyang naghahari sa lahat ng paraan ng pagmamalasakit ng bawa't mamamayang naglilingkod sa pagtatatag ng Bagong Pilipinas. Kahit anong karukhaan, ang bawa't munting pagmamalasakit sa ibabaw ng sariling kapakanan na ukol sa kapayapaan at kasaganaan ng bagong bansang ngayon ay ating itinatayo mula sa mga abo ng ating kahapon ay lubhang mahalaga. Kaya't ang tinig ng KALIBAPI ay isang pagtambuli sa lahat at bawa't Pilipino upang ang lahat ng lakas ay mapagpisan-pisan sa isang masidhing pagsisikap at sa ganitong paraan ay makapagtatag tayo ng isang gusaling pambansang magiging lalong malaki't dakila kaysa dampang pinapagmukhang maganda nguni't lipos dalita na siya nating maging tahanan sa loob ng nakaraang apat na dantaon.

Ang diwa ng KALIBAPI ay makikita sa halimbawa ng ilan nating sarili at pambansang kaugalian. Ang una sa mga kaugaliang ito ay yaong nangyayari kapag tayo ay naglilipat ng isang bahay sa ibang pook. Sa nayon, kung nais ng isang tao na ilipat ang kanyang tirahan mula sa tabing-ilog at dalhin sa ibabaw ng kabilang burol upang malapit sa kanyang bukid, ang lahat ng mga kapit-bahay niya ay dumadalo at tumutulong. Ang buong bahay ay pinapasan nila sa kanilang malalakas at kayumangging balikat at sa gitna ng maraming masasayang tawanan at biruan at pana-panahong pagsigaw upang magkasabay-sabay nang pagtataas at pagbababa o pagpihit sa mga landas, ang paglilipat ng bahay ay nagaganap hanggang sa makarating sa bagong pagtatayuan. Ang mga kapit-bahay ay

buong-pusong nagsisipagpahiram ng kanilang mga matitipunong balikat at di naghihintay ng anumang gantimpala o pagtatangi. Tumutulong sila dahil sa talos nilang tungkulin nila ang ganitong pagtulong sa kanilang kapit-bahay at kasama. Ito ay KALIBAPI.

Pagsapit ng tag-ulan at ang mga bukid ay lubog na sa tubig, ang mga dukhang magsasakang-kasama ay nangagagagalak pagka't ito'y panahon ng pagtatanim ng palay na siyang buhay ng bawa't tahanang Pilipino. wa't isa sa mga lalake, babai, at bata ay umaawit na tumutungo sa mga tubigan at nagtutulong-tulong sa pagtatanim ng palay. Hindi inaalintana ng mga magtatanim ang lakas ng hangin at bugso ng ulan. Yumuyukod sila, na halos ikabali ng likod, sa kanilang pagpipilit na hindi lamang madali kundi maging matuwid at maganda ang pagkakasunud-sunod ng mga pananim at wala silang tigil ng paggawa mula sa unang badha ng liwanag sa pagmamadaling-araw hanggang sa huling malamlam na banaag ng araw na bumababa sa Kanluran. Walang sinumang naguutos o nagpapadali. Ang bawa't isa'y gumaganap sa kanyang tungkulin ayon sa tingin niya at tálos niyang paraan na dapat niyang ganapin. Ito man ay KALIBAPI rin.

Sa halos lahat ng mga nayon at bayan ang mga tao'y mayroong mga pangkat na ukol sa pagpatay sa sunog. Sa una pa lamang simula ng apoy, ang tawag na padalo ay isang sipol o tunog ng tambuli at ang lahat ng mga taongnayon, na ang karamihan ay nagising marahil sa isang mahimbing na pagtulog, ay pawang nagsisilabas sa dilim ng gabi na may dalang piko, itak, puthaw, mga basang kustal, at mga iba't iba pang maaaring magamit na pamatay-sunog. Pagsapit sa bahay na nasusunog ay tulungtulong silang lahat sa pagsawata sa ningas ng apoy; karaniwa'y ang mga balde ng tubig ay pinag-aabut-abutan

sa mga hanay ng tao mula sa ilog o batis hanggang sa bahay na nasusunog. Walang kasaysayan sa kanila kung kanino ang bahay. Maaaring ang nasusunog ay ang pinakamariwasang tahanan o ang lalong dukhang dampa sa nayon. Ang sunog ay madaling nasasawata sapagka't ang lahat ay tumutulong nang buong puso. Ito ay KALIBAPI.

Kung ang isang maralita ay mag-aakalang magtayo ng isang munting dampa para sa kanyang mag-anak ay ka-ilangan niyang mamutol ng kawayan at manguha ng maraming kugon. Humihingi siya ng tulong sa mga kapit-bahay at ang mga ito ay nagsisidalo agad na walang inaa-sahang kabayaran sa kanilang pagpapagod. Ang ganitong paraan ng pagtatayo ng bahay ay nakikilala sa tawag na BAYANI o pabayani. Ang bawa't katulong samakatwid ay isang "bayani" sapagka't siya ay gumagawa dahil sa pagmamalasakit sa kapwa sa ibabaw ng kapakanang sarili. Ang pagkawalang gantimpala ay hindi nakapagpapabawas sa uri ng tulong na ibinibigay ng bawa't "bayani." Ang gawain ng bawa't isa ay nagiging gawaing dahil sa pag-ibig, —isang maganda at nakaiigayang kaugalian. Ito ay KA-LIBAPI rin.

Mula ng maitatag ang KALIBAPI, ang Pilipinas ay nagising sa kanyang kahimbingang may apat na dantaon na ngayon, nagising sa kanyang pagwawalang-bahala, at sa kanyang nakahihiyang pagkawalang-kapanagutang napulot sa kabihasnang Kanluranin. Ang mga tao, hanggang sa pinakamalayo at pinakamaliit na nayon, ay sabik na nakarinig na sa bagong aral na nakapagbibigay-buhay ng KALIBAPI, at mula sa mga pangmadlang papulong ng KALIBAPI ay bumabalik sila sa kanilang mga dukhang tahanan, na ang puso nila't pag-iisip ay nahugasan at naalisan ng maraming latak ng mga nakaraang panahon.

Nakatikim sila ng mga mapapait na karanasan. Na-

ngapaluhod sila sa nakapanghihilakbot na salantaan ng Digmaan ng Lalong Malaking Asya at sila'y natigmak ng dugo at luha. Mula sa karimlan ng kanilang di-matingkalang kalungkutan ay buong pagdurusang itinaas nila ang ulo at nakita nila ang pagbabanaag ng isang bagong bukas at makinig sila sa tawag ng KALIBAPI. Natalos nila ang mga hangarin at adhikain ng Kapisanang ito na ang tanging pinapangarap ay muling mapalakas ang katawan at diwa ng Pilipinas. Talos na nila ngayon na ang tunay na pinagpupumilitan ng Kapisanan ay ang pagkakaisa ng lahat ng mga Pilipino anuman ang kani-kanilang mga pananalig o pangkat; ang pagpipisan-pisan ng lahat ng mga pagsasakit at pagsisikap sa kagalingang pangmadla; ang pagtiyak sa matibay na saligan ng Bagong Pilipinas sa pamamagitan ng pagpapakalat ng kalusugang pangkabihasnan, kalinisang-budhi, pandiwa, at panghanap-buya; ang pagpapatingkad sa mga katangiang Silanganing ukol sa masikap na paggawa, pananampalataya, pag-asa sa sarili, katapatang-loob, katapangan, kapanutuhan (disciplina) at pagpapakasakit; ang pagpapasibol sa matipuno at malusog na liping Pilipino sa pamamagitan ng palakasan, kalugodlugod na paraan ng pagsasanay at mga libangan nakapagpapalakas ng katawan. Hangad din ng KALIBAPI, at ito'y isang bagay na ikinasiyang-loob ng marami, ang tumulong sa bansa upang lubusang matanto ang kahulugan ng Sansaganaan upang ang pagkatig natin sa nasabing simulain ay lalong tumibay. Hangad din ng KALIBAPI ang tamuhin para sa Pilipinas ang isang kalagayang marangal at kapuri-puri sa samahan ng mga bansang Silanganin sa itinatatag ng Nipon sa dakong ito ng dagat Pasipiko; ang matuto tayo sa maingat na pagsunod sa mga palakad ng mga Hukbong Imperyal Hapones sa Pilipinas; at gumanap sa alinman at lahat ng gawain makapagpapatulin sa pagbabagong-tatag ng Bagong Pilipinas at tumulong sa pagpapayabong ng Sansaganaan sa Lalong Malaking Asya.

Muli at muling tinimbang at pinagkuro ng mga tao ang mga hangari't adhikaing ito at sa wakas ay ipinasya nilang ang KALIBAPI ay tunay ngang isang kasangkapang pangkabutihan na tulad ng Taisei Yokusan Kai, ang Kapisanan sa Pambansang Paglilingkod ng Nipon. Kinikilala ng mga Pilipino na sa panahong ito, higit at lalo kaysa mga ibang panahon sa ating kasaysayan, ay nangangailangan tayo ng isang malakas, di-maigigiba at di-mapaghahanapang pagkakaisa. Ang mga kilusang pangkasarinlang nakaraan ay pawang mga bigo sapagka't hindi tayo nakapagharap sa mga sumakop sa atin sa loob ng ating sariling lupain ng isang matibay na pagkakaisa ng lakas at kagamitan. Ang nais ng KALIBAPI ay makitang tayo ay nagkakaisang lahat sa hangarin, sa mithiin, at sa gawa.

Maraming dantaon nang ang ating mga dating sining, karunungan at kabihasnan ay natakpan ng mananakmal na pamamaraan at paguugaling Kanluranin. von av may pagkakataon tayong walang katulad upang muling buhayin ang ating mga dating kaugalian, sining, alamat at patakaran sa pagkukuro. Tayo ay inaanyayahan ng KALIBAPI na magbalik sa dating karunungan at kabihasnang Silanganin at Pilipino upang manumbalik sa atin hindi lamang ang pagtitiwala sa sarili kundi ang pagkakaroon tuloy natin ng isang marangal na likmuan sa daigdig ng panitikan, sining, at karunungan. Hinahangad din ng Kapisanan na ang lahat ng mga Pilipino ay magkaroon ng dalisay na budhi, diwang masigla at malusog na kalagayang panghanapbuhay. Kaya't sa pamamagitan ng pagsunod sa mga simulain ng KALIBAPI, ang Pilipino ay maaaring maging isang mabuting ama, ulirang asawa, at higit sa lahat, isang mamamayang makabayan at may pag-



The KALIBAPI float on Gratitude Day. Miss Imamura represented Japan while Miss Guzman represented the Philippines. The float won First Prize—February 8, 1943.

galang sa batas. Ang lahat ng kaimbian at pag-aasal-alipin ang lahat ng mga karumihang-budhi at pagkagumon sa bisyo na likha ng mga kaugaliang Kanluraning sumapit sa atin, ay maaari na nating lubusang mapawi sa ating alaala.


Ang daang-daang taong kaapihan at pagkabusabos ay nakasira sa ating pagtitiwala na kaya nating pagpasiyahan ang ating sariling ikaririwasa sa pamumuhay. Ang pangamba at ang pagka-walang karanasan ay nakapagpalimot sa atin na noon unang panahon ay tayo ang panginoon sa ating sariling lupain mula sa Aparri hanggang sa Sambuwangga. Nguni't ngayon, sa ilalim ng pamamatnubay ng KALIBAPI ay maaari tayong maging mariwasa sa pamumuhay at maging malaya.

Hindi na mapag-aalinlanganan na kung isasakatuparan natin ang mga hangarin at adhikain ng Kapisanan, ang mga mamamayan ay magkakaroon ng panibagong-buhay at titingkad ang dating katangiang Silanganin. Nawawala ang kahiyahiyang panabi na ang mga Pilipino ay mga tamad at pabaya. Mapapawi rin ang karaniwang sabing tayo ay mga lintang-gutom. Matututo tayong maging tapat sa pangako, magkakaroon tayo ng tapang na panlaban sa mga kabiguan, at magkaka-lakas tayo upang mangibabaw sa mga tiisin. Magkakaroon tayo ng kapanutuhan sa ating pagka-tao at pagka-lahi. Masasapit nating ang tayog ng isang dakila at marangal na lipi na karapatdapat maging kaanib hindi lamang sa Sansaganaan kundi pati sa malaking mag-anak ng mga malalayang bansa sa daigdig.

Ang KALIBAPI, na siyang pinakaubod ng kaisahang pambansa, ay hindi isa lamang bungang di sinasadya ng mga nababagong pangyayari. Ang pagkakalikha sa Kapisanan ay hindi dahil lamang sa mga di-kinusang kapansanan kundi dahil sa di-mapaglabanang pangangailangan ng sambayanan sa isang malakas at matibay na pagkakaisa. Hindi natin dapat malimot na sa pamahalaang lumipas ay may isang taong makapangyarihan na nagmungkahing iwaksi natin ang mga pangkat-pangkat na pampolitika alang-alang sa kaisahan ng bansa. Ang damdaming nagpasilang sa mungkahing yaon at ang diwang sa wakas ay naging dahilan sa pagtatatag sa KALIBAPI ay hindi nagkakalayo. Dahil dito, anuman ang maging kalagayan natin sa araw ng bukas, ang KALIBAPI ay mananatili at matitirang buhay, sapagka't sa KALIBAPI nakakatawan at namamasid ang pagka-isa ng lahat ng mga Pilipino, at sapagka't ang gawain ng KALIBAPI ay kailangang-kailangan at wasto sa bansa at nagpapahayag sa pinakamatayog at marangal na hangarin ng ating lahi.

Samakatwid ay taglayin natin, sa pagharap sa ating kinabukasan, ang isang di-mapupuknat na paghahangad na tayo ay maging malaya, magiting, at marangal sa habang panahon. Ang kapalaran ng ating Bansa ay ititindig natin sa pamamagitan ng sariling bisig, at upang maganap ito ay dapat tayong maging lubos na matiyaga at mapagtiis sa hirap, yayamang ang mga katangiang ito ay sadyang taal sa tunay na diwang Silanganin.





The crowd at San Fernando, Pampanga—January 14, 1943.

WHAT IS THE "KALIBAPI"?

KALIBAPI is an ordinary association managed under the customary rules and regulations of social organizations. It is not a political party.

The President of the organization is the Chairman of the Philippine Executive Commission. The Director-General who is at the same time the Vice-President of the association is the head of the Executive Staff. The members of the Philippine Executive Commission are members of the Advisory Board. The Board is composed of the Chairman and the members of the Executive Commission, the Vice-President and Director-General of the Association, the Directors of the four bureaus of the same, the Secretary-Treasurer, and the Directors-at-Large. The Association consists of four bureaus, namely: The Bureau of General Affairs, the Bureau of Research and Planning, the Bureau of Provincial and Municipal Branches, and the Bureau of Publicity. The Bureau of General Affairs attends to all matters relating to moral, physical, cultural, and economic rehabilitation, education, employment, and liaison services. The Research and Planning Bureau conducts researches, studies, and investigations, formulates plans and devises ways and means to carry out the aims and purposes of the Association. The Bureau of Provincial and Municipal Branches takes charge of the organization and coordination of the activities of the Association in the provinces, cities and municipalities. The Bureau of Publicity takes charge of the dissemination of information on the aims and purposes of the Association

through the press, radio, cinema, stage, posters, meetings, rallies, and or other appropriate means in coordination with the proper authorities. The Secretary-Treasurer looks after the administrative affairs of the Association and takes charge of its funds, assets, properties, personnel, records, and general financing. The three Directors-at-Large supervise the activities and the field work of the KALIBAPI in the three regions into which the Philippines has been divided: LUZON, VISAYAS and MINDANAO.

KALIBAPI is an ASSOCIATION FOR SERVICE TO THE NEW PHILIPPINES. The word KALIBAPI comes from KAPISANAN SA PAGLILINGKOD SA BAGONG PILIPINAS, a positive Filipino organization, established to achieve the everlasting welfare of the Philippines.

KALIBAPI means action, service, and union for the NEW PHILIPPINES. There is no place for idlers and daydreamers in this Association. Active service is demanded of each and every one at all times, at all places, and in all ways. There are no buck-passers and procrastinators in the KALIBAPI. If service is demanded by the nation, service will be rendered immediately and without hesitation by every citizen affiliated with the KALIBAPI. The Association requires sturdy, vigorous, and productive union of all elements, all talents, and all skills in the Country. Thus, under the standard of this Association all political creeds and shibboleths have been transmuted into the golden ideal of everlasting sacrifice for the land and the people of the Philippines.

The principle of self-abnegation governs all forms of sacrifice of every citizen who renders yeoman service in the building of the New Philippines. Be it ever so humble, each little act of self-sacrifice for the peace and prosperity of the new Country which we are now erecting on the charred ruins of the past is of incalculable value. Thus, the call of the KALIBAPI is a trumpet summons to the rank and file of the people so that all forces may be marshalled into constructive action and thus produce a national edifice which shall be a more stately mansion than the mongrel monstrosity which was our abode for four centuries.

The spirit of the KALIBAPI is epitomized in various typical and national practices. First among them is the moving of a house from one site to another. When in a barrio a man decides to transfer his dwelling from the river bank to the hills so that he might be nearer his farm, all his neighbors come and help him. They place the whole house upon their sturdy, sun-browned shoulders and amidst laughter and rhythmical shouts they go through the streets and open country until they reach the destination at the foothills. The neighbors come and willingly lend their brawny shoulders to the task without thought of either reward or preferment. They help because of the satisfaction born of the feeling that they are linked with others in toil, in hardship, and in happiness. This is KALIBAPI.

When the rains come and the fields are flooded, the poor tenant farmers hail the season because it means that the planting of the rice, which is the life of every Filipino home, has arrived. Every man, woman, and child go out singing into the slushy fields and plants the green seedlings of the life-giving grain. The peasants do not mind the lashing wind and pelting rain. They stoop and bend in the back-breaking labor of setting the seedlings in straight and seemingly unending rows from the first pink flush of dawn to the last grey glow of sunset. There are no commands and promptings. Each ones does his duty

as he sees it. This, too, is KALIBAPI.

In most barrios and towns the people organize themselves into fire brigades. At the least sign of a fire, the alarm is given by means of a whistle or a carabao horn and all the country folk, aroused from peaceful slumber, sally forth into the night with pikes, wet burlap sacks, poles, bolos, axes, and other crude instruments. When they reach the scene of the fire, they beat the flames down or put them out by means of pailfuls of water relayed from one hand to another along a line of helpers from the river to the fire. It does not matter whose house it is. It may be the biggest mansion or the lowliest hamlet in the village. The fire is extinguished in the speediest manner possible because everybody lends a hand and puts his heart into the task. This is KALIBAPI.

If a poor man should decide to build a little house upon a hill for his family, he has to cut down bamboos and gather armfuls of cogon grass from the plains and valleys below. He seeks the help of his neighbors who invariably come to his aid without asking for monetary or material remuneration. This method of house construction is commonly known as the BAYANI system in which each willing helper is a bayani or a hero because he does his work in the spirit of self-sacrifice. But the very absence of reward does not in any way detract merit from the quality of the work that each one does. On the contrary, as everyone does his work as a labor of love, his contribution is indeed a thing of beauty, and therefore, a joy forever. This, too, is KALIBAPI.

Since the organization of this movement the Philippines has been aroused from its four-centuried sleep, from its accustomed indifference and apathy, and from its shameful irresponsibility which had been engendered by




Assistant Commissioner Osias speaking at Santiago, Isabela-March 13, 1943.

the West. The people of the farthest and the smallest barrios and sitios have listened eagerly to the new and inspiring gospel of the KALIBAPI and from the public meetings they have returned to their lowly huts cleansed as if by a crystalline spring of all the dross and impurity which have been the residue of ages in their hearts and minds.

They have tasted of the bitter fruit of experience. They have sunk upon their knees in the gory carnage of the Greater East Asia War and have emerged in blood and tears. From the enveloping gloom of their incalculable sorrow they have raised their heads in pain to see once again the dawning of a new day and to listen to the bugle-call of the KALIBAPI. They have learned of the aims and purposes of this Association which seeks only the rejuvenation of the Philippines in body and spirit. They know now that the Association really strives to secure the unification of all Filipinos regardless of sex, creed, and party; to coordinate all efforts and activities for the general welfare of the people; to insure a stable foundation for the New Philippines by fostering the cultural, moral, spiritual, and economic advancement of the people and the strengthening in them of the Oriental virtues of hard work, faith, self-reliance, loyalty, bravery, discipline, and self-sacrifice; and also for this purpose to develop a more vigorous race of Filipinos through physical exercise and wholesome recreational and outdoor activities. The KA-LIBAPI also, the people have understood to their satisfaction, aims to assist the nation in fully comprehending the significance of the Co-Prosperity Sphere so that our adherence to it may be fortified and strengthened. KALIBAPI also seeks to secure for the Philippines an honored and respected place in the coalition of Oriental nations that Japan is forming on this side of the Pacific; to make us adhere strictly to the policies of the Imperial Japanese Forces in the Philippines; and to do any and all acts which will facilitate the reconstruction of the New Philippines and contribute to the advancement of the Greater East Asia Co-Prosperity Sphere.

Again and again they have weighed and considered these aims and purposes and they have arrived at the inescapable conclusion that the KALIBAPI is really an instrument of good like the Taisei Yokusan Kai, the National Service Association of Japan. The Filipinos have realized that in these critical times, more than at any other time in our history, we need a strong, impregnable, and unassailable union. All our libertarian movements in the past were dismal failures because we could not present to the invading colonizers on our soil a solid union of all our forces and resources. The KALIBAPI wants to see us united in purpose, ideal and action.

For many centuries our ancient arts, culture, and civilization had been submerged beneath the all-engulfing wave of Occidental ways and manners. Now we have an unequalled opportunity to revive our own manners, customs, arts and traditions. The KALIBAPI encourages and urges us to return to our ancient Oriental and Filipino learning and culture so that we might not only regain our self-confidence but also secure a place of preeminence in the world of letters, arts, and sciences. Likewise, the Association strives to make of all Filipinos morally pure. spiritually rejuvenated, and economically progressive. Thus, by following the principles of the KALIBAPI the Filipino may be able to establish himself as a good father. an exemplary husband, and, above all, a law-abiding and patriotic citizen. All the meanness and servility, all the



The audience at Baguio -February 13, 1943.

sordid baseness and craven depravity created and encouraged by our erstwhile Western habits, may now be successfully razed out of our memory forever.

Long years of unwilling vassalage and peonage had destroyed our confidence in our ability to carve our economic destiny. Fear and inexperience had made us forget that once we were masters of all we surveyed from Aparri to Zamboanga. Now, through the leadership of the KA-LIBAPI, we can become economically self-sufficient and free.

There can no longer be any doubt that if we follow stricly the aims and purposes of the Association the people will soon revive and fortify their virtues of hard work, faith, and other Oriental traits. No longer shall the stigma of sloth and indolence be attached to our character as a people. No longer shall we be branded as parasites. We shall learn to be loyal to the pledged word, we shall be brave against adversity, and fortified against suffering. We shall have discipline as a people and as a race. At last we shall have the stature of a great and dignified race worthy of membership not only in the Co-Prosperity Sphere but also in the huge family of free and independent peoples of the earth.

The KALIBAPI, as the most consummate expression of national unification, is not a mere fortuitous product of changing circumstances. Its creation has not been due to simple and accidental changes but to the irressistible influence engendered by the dire need of the people to strengthen and solidify their union. Let us not forget that even in the last days of the past regime, it had been already suggested by a voice in authority that the political parties be dissolved for the sake of national unity. The sentiment

which motivated that suggestion and the idea which now, at long last, has given rise to the KALIBAPI do not in any way differ from each other. For this reason, under whatever circumstances we may be in the future, the KALIBAPI has to survive and endure, because in it is embodied and realized the solidarity of the Filipino people, and because its function is vital, inherent to the nation and represents the highest and noblest aspiration of our race.

Let us face the future, then, with the iron resolution to become for all time a free and independent nation characterized by dignity and honor. With our own hands we must carve the destiny of our Country, and to do this we should be fortified by the patience and the abnegation which are innate in the genuinely Oriental spirit.



THE PRESENT STAGE OF THE ESTABLISHMENT

Of The

NEW PHILIPPINES

By PIO DURAN



Published by the

DEPARTMENT OF INFORMATION

Imperial Japanese Army

(English-Tagalog)

THE PRESENT STAGE OF THE ESTABLISHMENT OF THE NEW PHILIPPINES

By PIO DURAN

The Greater East Asia War that the mighty Japanese Empire is waging and prosecuting to a victorious end has thrown upon our lap a golden opportunity to build our house anew on firm foundations—of strong and enduring materials.

But, what kind and style of a house shall it be? Shall it simply be a reconstruction of the old



tottering edifice that the present conflict has laid low, using the same quaky structure, the same weak timber, the same leaky roof?

And what spirit shall animate its reconstruction? Shall it be the debilitating spirit of the old regime, under which our people labored in unknowing acquiescence and submission all these years?

There is only one answer to these questions and the Filipino people have already given it: The house that we

are building on the debris of the present conflagration, under the wise counsel and guidance of the acknowledged and exalted leader of all Oriental peoples, will be a completely different structure, a strong one, a lasting memorial that we will be proud to call our own, standing majestically upon our own soil, against the background of our glorious history, and on a circumferential orbit of co-equal and co-prosperous states, existing in peace, prosperity, and harmony under the leadership of Dai Nippon!

Since the inception of the present war, remarkable headway has already been made in the construction of our new edifice. The groundwork has all been laid. The materials are all on hand, and from all indications the entire people, their faces aglow with the light of a new dawn, have set their shoulders against the common task, convinced and determined to hasten the construction of a greater Philippines.

The progress thus far attained is due largely to the initiative and wise leadership of the Imperial Japanese Forces. We might review briefly the major developments that followed the occupation of the City of Manila on January 2, 1942.

The creation of the Philippine Executive Commission and the Council of State and the appointment of acknowledged leaders of the Filipino people to positions in these bodies have given opportunity for organization and direction in civil administration. The reestablishment of as many of the old bureaus and offices as were deemed necessary in the restoration of essential governmental functions followed. New instrumentalities have been added as fast as they were warranted by the exigencies of the service. Much economy, consistent with efficiency, has been ef-

fected by the reorganization of the old government. The organization of the Constabulary and the Metropolitan Police Force has guaranteed peace and order in the provinces and the municipalities therein. Simultaneously institutes for spiritual training and reorientation sprang up everywhere, under government auspices for war prisoners, for government employees and officials and for other civilians. This was followed by the abolition of all political parties intended to insure national solidarity. The Kalibapi, a national service association of a non-sectarian and non-political complexion, come into being to consolidate, as it were, the material and human resources of the nation into one solid unit for the common good.

For a time, the greatest obstacle that impeded speedy accomplishment of the goal set for us was largely a mental barrier—a spiritual faithlessness on the part of the majority of the Filipino people in the ultimate destiny of the Philippines under the new set up. Nurtured for years and years, as they had been, in the essence of American culture which at best was selfish and deceitful, although clothed with a veneer of subtle tutelage and direction, the people could not comprehend at once the sudden awakening to cold and unadulterated facts brought about by the new chain of events whose swiftness took their breath away and baffled their imagination.

This state of affairs, however, soon metamorphosed into gradual and steady transition to voluntary acquiescence to the inevitable development, more so as logic and reason began to dawn upon the consciousness of every Filipino that Dai Nippon's intentions in the Philippines were sincere and above board. They soon realized that Japan has not come to colonize our country as Spain and America had done. That she has not come to squeeze us dry nor to

destroy our homes or to steal from us our most precious possessions. That she has come, not with the proud and haughty trample of a victorious invader, but to help us, much as an elder would help a younger brother, to proffer to us her magnanimity and benevolence.

More than ever before, Filipinos in fast-increasing numbers have come to realize this fact. Whereas during the first months of Japanese occupation of the country, Japan's pronouncement—Asia for the Asians—was received with a grain of salt, today the situation presents a diametrically opposed picture. A greater number of our people now believe in Dai Nippon's sincerity, fully convinced of the justice and integrity of Japan's motives in waging the Greater East Asia War.

Anything revolutionary is always looked upon with suspicion, doubt and skepticism. Human nature is so constituted that it greets anything that tends to change the old order with hostile indifference. It was wholly natural. therefore, that in December, 1941, when the mighty forces of the Empire of the Rising Sun were unleased with all the fury of the elements and the Japanese landed on Philippine soil, the invasion was looked upon with misunderstanding and hatred. For years and years, the Filipino people had been spoon-fed by high-pressure American journalism with stories, mostly unfounded and fictitious, of Japanese brutality and inhumanity in Formosa, Manchoukuo and China. It was with the greatest misgivings that the nation, tight-lipped, watched the advance of the Imperial Japanese Army from the north and south to the gates of Manila. And during the hectic days of Bataan and Corregidor, when the last outpost of American imperialism in the Orient were writhing in agony, the great majority of Filipinos prayed for a miracle to happen, hoped

for the much-promised aid to arrive.

Today, after one and a half years, all the tormenting anxiety and fearful trepidations have been forgotten. Except in some remote mountain fastnesses, peace and order now reign. The wheels of industry are once more humming. Fields now bloom where, more than a year ago, blood was spilled out in profusion, dyeing the earth crimson. And the most heartening aspect of the situation is the picture presented by two former enemies, the Japanese and the Filipino soldiers, working side by side, collaborating as it were for the construction of a new order in Old Asia, an Order based on mutual trust, neighborliness and racial and geographical affinity for the common weal of all Asians.

Everywhere, people are starting to realize Japan's noble and sacred war aims. Much of the skepticism, and downright hostility, which met the efforts of our leaders who realized early the true intentions of Japan have vanished like early morning mists before the bright glare of the noon-day sun. Fence-sitting, which used to be so popular a fad, is fast losing its glamour and more of our intellectuals who have hitherto refused to give even a thought of collaboration are now ardent proselytes to the Sacred Cause.

No more notable evidence of this mental turn-about can be offered than the fast-increasing voluntary surrender of guerilla units from the self-contained North to the traditionally-intransigent South. Every day, in increasing numbers, remnants of the Usaffe, victims of American propaganda and believers of American invincibility, come out of their mountain haunts, give themselves up and offer to do their bit in the reconstruction of the New Philippines.

Collaboration is the spirit of the times. The farmers and the factory workers go about their daily tasks, their faces bright with the hope of a new day. In their efforts to produce the country's necessities, they are strengthening the economic buttress so necessary in an independent Philippines.

What is behind such a marvelous transformation?

First and foremost is the pledge of early independence given by no less a personage than Premier General Hideki Tozyo. Filipinos may have many foibles, may lack national discipline, may be a little too much imbued with the pernicious spirit of materialism, but they are not behind any other people in their love of country. Philippine history is nothing more than the continuous attempts of our people to throw off the yoke of foreign domination and serve for themselves their rightful destiny under the principle of self-determination.

When Premier Tozyo first promised, as early as January, 1941, Philippine independence before the Japanese Diet, few Filipinos took him at his word, mesmerized as they still were by American propaganda. This was to be expected. When he reiterated his pledge a few months later, a much greater number, their eyes already opened to Japan's magnanimity, began to believe in Japan's sincerity. And when, a few days ago, Premier Tozyo took time off from his many cares and worries of state to reaffirm in person the promised freedom on condition of more tangible evidence of active cooperation, the conviction took root in the national consciousness. It was felt that a statesman of the calibre of Japan's Premier cannot juggle with empty promises.

Of course, there are many other reasons for the Fili-

pino's change of attitude. Japan has shown us acts of benevolence and kindness never before shown by any conqueror to the conquered. As an act of humanity never before paralleled in human history, she freed thousands of Filipino prisoners of war. Such an act runs counter to international rules of warfare and is fraught with danger to the army of occupation but Japan did it, thereby arousing in the entire nation a deep sense of gratitude.

Another benevolent gesture that has won the confidence of the Filipinos is Japan's giving to us the maximum of freedom compatible with present-day circumstances. She has placed much of the reins of government in our hands, inviting prominent Filipino leaders to constitute the Philippine Commission right after the Imperial Army arrived in Manila. And she is encouraging us to awaken our national spirit from four centuries of emasculating lethargy, helping us to rediscover ourselves as Orientals, instilling in us a keen sense of racial dignity which for so long had suffered the contempt and hauteur of Occidental conquerors.

If for no other reason than her attempts to rejuvenate us spiritually, Japan deserves our lasting gratitude. For three centuries, Spain had treated us as menials, no little better than animals, and had wiped its proud feet upon our patient backs. America was a little better but the contempt was still there. She preached democracy and its corollary of equal opportunity and equality of all men while at the same time brazenly discriminating and assuming a domineering attitude against Orientals.

It was to show the whole world that the Asians are as good as any other race that Japan launched the Greater East Asia War. And indeed there is no valid reason why, throughout all the ages, the white people have always

looked down upon the yellow, the brown and the black races with open contempt.

To enable us to re-discover our national soul, Japan, through the Commander-in-Chief of the Imperial Japanese Forces in the Philippines, has encouraged us to evolve a distinctively Philippine culture, a culture based on Philippine surroundings, history and traditions and in keeping with our racial relations.

And, indeed, our culture really needs a racial house-cleaning. During the past regime, our culture has accumulated the garbage of both the Spanish and American civilization. Of it, Masaharu Nagato, deputy editorial director of the Manichi Sinbunsya wrote: "Among the islands in the South, the Philippines is an area where a disguised culture made the greatest development. However it is neither a distinctive Philippine culture nor by any means an East Asiatic culture. It is a Spanish culture which was forcefully introduced into the country, followed by American culture. Especially has American culture weakened the spiritual power of the Filipinos and led Philippine culture toward materialism in a marked degree."

As a result of Japan's urgings to re-orient our culture, a cultural renaissance has been launched. To help us in this gigantic task, a group of distinguished Japanese scholars have arrived in the Philippines. And on January 20, 1943, the Research Commission on the Philippines was organized under the personal supervision of His Excellency, Syozo Murata, chief adviser to the Japanese Military Administration.

This cultural re-awakening has tremendous implications. When finally consummated, it will completely alter the Filipino way of life and will entirely revise the Filipino modes of thinking. For instance, under America's principle of rugged individualism, Filipinos have been taught to place the greatest emphasis on money and all that money can buy. Under the new movement, we are taught to forget self in the greater interests of the country, to subordinate our own selfish interests to the national welfare.

An important agency to solidify us into one united, self-respecting nation is the Kalibapi. The Kalibapi has taken the place of the old political party system. The underlying philosophy behind its organization is the injection into the Filipino spirit of racial unity and dignity.

Under the benign leadership of Japan, Filipinos are beginning to realize their mission. They are becoming conscious of the inescapable fact that their lot was meant by a kind Destiny to be thrown in with that of their fellow Orientals.

Another agency that tends to imprint its indelible mark on our modes of living is the neighborhood association system. The idea behind this system is by no means new to the Filipinos. Long before the first European set foot on Philippine soil, the Filipinos, under the barangay form of government, were already imbued with a sense of civic-mindedness. Then everybody was eager to lend a helping hand to his neighbors. Community feeling ran high. But when the Spaniards came, this admirable trait of civic-spiritedness was plowed under.

The Filipinos, under the benevolent influence of the Japanese Empire have gone a long way in the establishment of a New Philippines. The groundwork has been started and what has been accomplished so far has been most satisfactory and has evoked favorable comment from

Premier Tozyo and from Greater East Asia Minister Kazuo Aoki.

1 2

Much work, however, still needs to be done. And as our people continue in their stride toward complete independence and their rightful place in the Greater East Asia Co-Prosperity Sphere, more and greater difficulties than have heretofore confronted them will present themselves. But with fortitude, with the conviction that they are marching forward to the destiny that God has meant for them, and under the benignant rays of the Rising Sun, our people will not easily give up. They have set their hearts upon their goal and they cannot fail!



ANG KASALUKUYAN LAGAY NG PAGTATATAG NG BAGONG PILIPINAS

Sinulat ni PIO DURAN

Ang Digmaan ng Lalong Dakilang Silanganang Asia, na boong tagumpay na itinataguyod ng makapangyarihang Imperio ng Hapon, ay nagbibigay sa atin ng gintong pagkakataon upang itayong muli ang ating bahay sa lalong matibay na saligan—saligang matatag at pangmatagalan.

Nguni't, anong uri at anyo ng bahay ang itatayo natin? Muli lamang ba nating ititirik ang luma na't gigiray-giray na gusaling winasak ng kasalukuyang pagbabaka? Pasisilbihin pa ba natin ang maugang balangkas, ang marupok nang kahoy, at ang tumutulo nang bubungan?

At anong diwa ang papatnubay sa pagbabagong-tatag? Ang diwa kaya ng dating pamahalaan na sa loob ng maraming taon ay naghari at nagpahina sa ating bansa?

Iisa ang sagot sa mga tanong na ito, ang sagot na naigawad na ng bayang Pilipino. Ang bahay na itatayo natin sa ibabaw ng mga labi ng kasalukuyang digmaan, sa ilalim ng matalinong pagpapayo at pamamatnubay ng kinikilala at dinadakilang lider ng lahat ng bansang Silanganin, ay magiging ganap na naiiba sa dati, magiging matibay, isang pangmatagalang alaala na maipagmamalaki nating angkinin, isang maharlikang gusaling nakatirik sa sarili nating lupa, sa lilim ng maluwalhati nating kasaysa-

sayan, at nagigitna ng mga kapantay at kapuwa-masaganang mga bayang nabubuhay ng payapa, sagana at nagkakasundo sa ilalim ng pamumuno ng Dai Nipon!

Buhat nang magsimula ang kasalukuyang digmaan, ay malaki na ang nagagawa sa pagtitirik ng bago nating bahay. Handa na ang saligan. Natipon na ang lahat ng mga kagamitan, at nagkakaisa ang boong bansa sa pagbalikat sa gawain, sa pagnanasang madali ang pagtatatag ng Bagong Pilipinas.

Ang malaking bahagi ng kasalukuyang kaunlaran ay utang sa matalinong pamumuno ng Hukbong Imperial Hapones. Sariwain natin sa alaala ang pinakamahahalagang pagbabago mula nang sakupin ng mga Hapones ang Maynila noong ika-2 ng Enero, 1942.

Ang pagkakalikha ng Sangguniang Tagapagpaganap ng Pilipinas, at ang Kapulungan ng Estado, at ang pagkakahirang sa mga kinikilalang lider ng bayang Pilipino upang bumuo sa dalawang pamunuang ito ay nagbigay ng pagkakataon upang ang pangasiwaang sibil ay maitatag at mapatnubayan. Ang pagbubukas ng lahat ng mga dating kawanihan at tanggapang kinakailangan sa mahusay na pagkilos ng pamahalaan, ay agad nang isinunod. may mga bagong sangay na idinagdag ayon sa hinihingi ng pangangailangan. Malaking katipiran ang naganap sa pamamagitan ng pagbabagong-tatag ng pamahalaan, nguni't hindi naman nabawasan ang kakayahan nito. Ang pagtatag ng Konstabulariya at ng Pulisiya Metropolitana, ay naging mabisa sa pagpapairal ng kapayapaan at kaayusan sa mga lalawigan at sa mga munisipiyo. Kasabay ding sumipot kung saan-saan ang mga paaralan at sanayan sa pagbabagong-diwa ng mga bilanggo sa digma, sa ilalim ng pagtataguyod ng pamahalaan; ng mga kawani ng pamahalaan, at ng mga karaniwang mamamayan. Kasunod naman ang paglansag sa lahat ng mga lapian sa pulitika upang matiyak ang pagkakaisa ng bansa. Ang Kalibapi, isang pangbansang kapisanang walang kinalaman sa mga sekta o sa pulitika, ay natatag upang bigkisin ang mga kayamanang material at ang mga mamamayan ng Pilipinas, alang-alang sa kapakanan ng lahat.

May panahong ang pinakamalaking balakid sa mabilis na kaganapan ng layuning itinakda para sa atin ay isang balakid sa isip—ang kakulangan ng pagtitiwala ng karamihan sa mga Pilipino sa huling hantungan ng Pilipinas sa ilalim ng bagong palakad. Palibhasa'y matagal na panahong pinasibol sa ilalim ng mapanglinlang at mapangamkam na kabihasnang Amerikano, bagama't nababalatkayuhan ng mabubuting hangarin, ay hindi agad naunawaan ng mga Pilipino ang ganap na kahulugan at kahalagahan ng mga bagong pangyayari.

Nguni't hindi natagala't ang kalagayang ito ay nauwi sa kusang-loob na pagtanggap sa hindi maiiwasang pagbabago, lalo na nang maliwanagan ng lahat ng mga Pilipino na ang mga hangarin ng Dai Nipon sa Pilipinas ay tapat at walang anomang panglilinlang. Agad nilang nakilala na ang Hapon ay hindi naparito upang sakupin ang ating bayan — gaya nang ginawa ng Espanya at Amerika. Na siya'y hindi naparito upang tayo'y huthutin o kaya'y wasakin ang ating mga tahanan o nakawin ang pinakamahalaga nating mga ari-arian. Na siya'y naparito hindi gaya ng mga palalong mananakop kungdi upang tulungan tayong gaya ng pagtulong ng panganay na kapatid sa bunso, upang ialok sa atin ang kanyang kagandahang loob at pagka-bukas-palad.

Ngayon higit kailan pa man ay parami nang parami

ang mga Pilipinong nakakakilala sa katotohanang ito. Noong mga unang buwan ng pamamahala ng Hapon dito, ang kanyang pahayag na ang Asia ay para sa mga Asiano ay dininig nang may pagaalinlangan, nguni't ngayon ay lubos na lubos na ang paniniwala ng bayan. Ang ating bansa ay naniniwala na sa katapatan ng Hapon, at kumikilala sa katarungan ng mga layunin ng Hapon sa pagtataguyod ng Digmaan ng Lalong Dakilang Silangang Asia.

Ang anomang bumabago sa mga lumang palakad ay tinitingnan nang may hinala at pagaalinlangan. Iyan ay likas sa tao. Hindi nga katakataka na noong Disyembre. 1941, nang ipakilala na ang tila-buhawing lakas ng Imperyo ng Ninikat na Araw, ay hindi naunawaan at ikinapoot pa ang paglunsad ng mga Hapones sa lupang Pilipino. Sa loob ng maraming taon ay ipinangalandakan ng mga pahayagang Amerikano sa bayang Pilipino ang diumano'y mga kalupitan at pagmamalabis ng mga Hapones sa Pormosa. Mantsuku at Tsina — pangangalandakang malayo sa katotohanan. Nangamba ang bayan habang ang Hukbong Imperial Hapones ay papalapit na sa Maynila buhat sa hilaga at sa timog. At nang mga huling araw ng Bataan at Korehidor, ang karamihan sa mga Pilipino ay nanalanging magkaroon ng himala, upang dumating ang tulong na malaon nang ipinangako.

Ngayon, pagkaraan ng isa't kalahating taon, ang lahat ng mga bagabag at takot ay nalimutan na. Maliban sa ilang mga liblib na pook sa mga bundok, ay umiiral na ngayon ang kapayapaa't kaayusan. Pagkaraan ng isang taon, ang mga larangang pinapula ng dugo ng mga namatay sa laban ay nalalaganapan na ng mga tanim. At nakapagpapasigla ng puso ang larawan ng dalawang dating magkaaway, ang mga kawal na Hapones at Pilipino, na ngayo'y magkapiling na gumagawa at nagtutulong sa pag-

tatatag ng bagong kaayusan sa Matandang Asia, isang Kaayusang nababatay sa pagtitiwala sa isa't isa, sa pagiging magkapit-bayan at magkalahi, alang-alang sa kapakanan ng lahat ng mga Asiano.

Sa lahat ng dako ay kinikilala na ngayon ng bayan ang magiting at banal na mga layunin ng Hapon sa paki-kidigma. Ang pagaalinlangan at pagkagalit sa mga unang pagsisikap ng ating mga lider na agad nakakilala sa tunay na mga layunin ng Hapon ay napawi nang tila ulap ng madaling-araw pagkagat ng init. Ang mga dati'y ayaw tumulong, lalo na ang mga dalubhasa, ay masigla ngayong nagtataguyod ng Banal na Mithiin.

Ang pinakalitaw na tanda ng pagbabagong-isip na ito ay ang kusang-loob na pagsuko ng maraming mga pangkat ng gerilya, buhat sa kahilagaan hanggang sa katimugang sa mula't mula pa'y kilala na sa pagiging mapanghimagsik. Araw-araw ay parami nang parami ang mga labí ng USAFFE na nananawa na sa propaganda ng Amerika, at lumalabas na sa kanilang mga taguan upang sumuko at magkusang tumulong sa pagbabagong-tatag ng Bagong Pilipinas.

Ang pagtutulungan ay siyang diwa ng bagong panahon. Ang mga magsasaka at mga manggagawa ay puspos ng bagong pagasa. Sa kanilang pagsisikap na matugunan ang mga pangangailangan ng bayan, ay pinatitibay nila ang haligi ng kabuhayang kinakailangan ng isang nagsasariling Pilipinas.

Ano kaya ang sanhi ng kahangahangang pagbabagong ito?

Una at pinakamahalaga ang pangako ng maagang paglaya na binitiwan ng Kanyang Kamahalan, Premier Heneral Hideki Tozyo ng Hapon. Ang mga Pilipino ay maaaring maraming kinahahalingan, salat sa pagkamasunurin at malaki ang pagkakahilig sa mga walang saysay na karangyaan, nguni't hindi sila nahuhuli sa ibang mga bansa sa kanilang pagmamahal sa bayan. Ang kasaysayan ng Pilipinas ay isang walang tigil halos na pagsisikap na maiwaksi ang pamamahala ng mga dayuhan at magsarili upang marating ang karampatang hantungan ng bayan.

Nang unang ipangako ni Premier Tozyo, sa harap ng Dieta Imperyal Hapones, ang kalayaan ng Pilipinas, noong Enero, 1941, av iilan ang naniwala sapagka't ang mga Pilipino noon ay namamalikmata pa ng propagandang Amerikano. Iyon ay hindi katakataka. Nang ulitin niya ang kanyang pangako pagkalipas ng ilang buwan ay marami na ang naniwala, sapagka't ang kanilang mga mata ay nabuksan na sa kagandahang-loob ng Hapon. At nang, kamakailan lamang ay iniwan ni Premier Tozyo ang marami niyang mabibigat na gawaing pang-bayan upang ulitin pang muli sa Pilipinas ang pangako ng kalayaan kung tayo'y magpapakita ng higit na pagsisikap na tumulong sa Hapon, ay nag-ugat na sa isip ng bansa ang katotohanan ng mga salita ng Premier, sapagka't nadama na ang isang pinunong napakataas ng tungkuling gaya niya ay hindi mangangako nang anomang hindi tutuparin.

Mangyari pa na marami pang mga ibang dahilan ang pagbabago ng isip ng mga Pilipino. Pinagpakitaan tayo ng Hapon ng maraming mga kagandahang-loob na hindi pa kailan man ipinakikita ng isang nagtagumpay sa isang talunan. Isang kagandahang-loob na wala pang katulad sa kasaysayan ang pagpapalaya niya sa libo-libong mga Pilipinong nabihag sa digma. Ang ginawa niyang iyon ay salungat sa mga pangdaigdig na tuntunin ng pakikidigma at puspos ng panganib sa sarili niyang hukbo rito, nguni't

sa kabila ng lahat ay ginawa rin niya, at sa gayo'y inani ang taos-pusong pasasalamat ng boong bansa.

Isang kagandahang-loob pang nakaakit sa pagtitiwala ng mga Pilipino ang pagbibigay sa atin ng Hapon ng lahat ng kalayaang maibibigay sa panahong ito ng digmaan.
Ang karamihan sa mga mahalagang tungkulin sa pamahalaan ay ipinaubaya niya sa ating mga kamay: pagkapasok
na pagkapasok ng Hukbong Imperyal sa Maynila ay inanyayahan na ang mga tanyag na lider na Pilipino upang bumuo ng Sangguniang Tagapagpaganap. At inuudyukan
niya tayong gumising sa apat na raang taon nating pagkakagupiling sa ilalim ng mga pamahalaang dayuhan; tinutulungan niya tayong matuklasang muli ang ating mga katangian bilang mga Silanganin, at ipinupunla sa atin ang
pagmamahal at pagpapahalaga sa sariling lahi na napakatagal nang kinutya ng mga taga-kanlurang sumakop sa
atin.

Kung wala na siyang ibang sinikap dito kungdi ang pagbabagong-diwa natin ay nararapat pa rin nating pasalamatan ng walang hanggan ang Hapon. Sa loob ng tatlong daang taon ay itinuring tayong tila busabos at masahol pa halos sa hayup ng Espanya, na yumurak sa ating pagka-bansa. Mabuti-buti ng kaunti ang Amerika, nguni't naroon pa rin ang pagkutya sa atin. Samantalang ipinangangaral niya ang demokrasya at pagkakapantay-pantay ay itinuturing naman niyang aba at kinukutya niya ang mga Silanganin.

Kaya nga itinataguyod ng Hapon ang Digmaan ng Lalong Dakilang Silangang Asia ay upang ipakilala sa boong daigdig na ang mga Asiano ay kasing-buti ng alin mang lahi. At wala nga namang katuwirang ipalagay, sa hinaba-haba ng panahon, na ang mga lahing puti ay natatangi

at may karapatang kumutya sa mga lahing dilaw, kayumanggi at itim.

Upang matuklasan nating muli ang ating kaluluwang pangbansa, ang Hapon, sa pamamagitan ng Pinunong Pangkalahatan ng Hukbong Imperial Hapones sa Pilipinas, ay naguudyok sa atin upang paunlarin ang likas na kulturang Pilipino, kulturang nababatay sa ating mga paligid-ligid, kasaysayan at mga alamat, at nababagay sa ating mga pakikipagpalagayan sa ibang mga lahi.

Sadya namang ang kultura natin ngayon ay kailangang pasukan ng mga pagbabago, lalo na ang bahaging may kinalaman sa lahi. Natipon sa ating kultura noong mga nakaraang panahon ang layak ng kabihasnang Kastila at ng kabihasnang Amerikano. Tungkol dito ay naisulat ni Masaharu Nagato, pangalawang patnugot ng Mainihci Sinbunsya, ang sumusunod: "Sa mga pulo sa Timog av sa Pilipinas nagkaroon ng lalong malaking pagunlad ang isang kulturang may balatkayo, isang kabihasnang hindi likas na Pilipino at hindi naman maibibilang sa mga kabihasnan ng Silangang Asia. Manapa'y kabihasnang Kastila na sapilitang pinalaganap sa Pilipinas at sinundan naman ng kabihasnang Amerikano. Ang kultura ng Amerika ay higit na nakapagpahina sa kapangyarihang ispiritual ng mga Pilipino at nakaakay sa kulturang Pilipino sa labis na pagka-materialista."

Bunga ng mga paguudyok ng Hapon ay nagkakaroon ngayon ng pagbabagong-buhay ang ating kabihasnan. Upang tulungan tayo sa malaking gawaing ito ay naparito sa Pilipinas ang isang pulutong ng mga dalubhasang Hapones. At noong ika-20 ng Enero, 1943 ay itinatag ang Sanggunian sa Pagsasaliksik sa ilalim ng tuwirang pangangasiwa ng Kgg. Syozo Murata, pangulong tagapayo sa Pangasiwaang Militar Hapones.

Ang pagbabagong-buhay ng ating kultura ay maraming mahalagang ibubunga. Kapag ito'y naganap ay lubusang mababago ang gawi ng pamumuhay at pagiisip ng mga Pilipino. Halimbawa, sa ilalim ng simulaing Amerikano na ang bawat isa'y bahala sa kanyang sarili, ang mga Pilipino'y natutong magbigay ng labis na halaga sa salapi at sa lahat ng mabibili ng salapi. Sa ilalim ng bagong kilusan ay tinuturuan tayong lumimot sa sarili alangalang sa kapakanan ng bayan.

Isang mahalagang kasangkapan upang magkaisa at maging lalong marangal ang ating bansa ay ang Kalibapi. Ang Kalibapi ay siyang pumalit sa dating mga lapiang pulitiko. Ang diwa ng pagkakaisa at karangalan ng lahi ay siyang pangunahing simulain ng pagtatatag ng Kalibapi.

Sa ilalim ng mapagkandiling pamumuno ng Hapon ay nagsisimula nang makilala ng mga Pilipino ang tunay nilang mithiin. Unti-unti na nilang nadarama ang katotohanang ang kanilang kapalaran ay na sa piling ng mga kapuwa nila Silanganin.

Isa pang samahang magiiwan ng di-mapapawing tatak sa ating pamumuhay ang mga kapisanang pangkapitbahay. Ang simulain ng samahang ito ay hindi bago sa mga Pilipino. Matagal pa bago tumuntong sa lupang Pilipino ang mga taga-Europa ay mayroon na tayong diwang panglipunan sa ilalim ng pamahalaang barangay. Noon ay laging laan ang bawat isa na tumulong sa kanyang mga kapitbahay. Naghahari ang damdaming pangbayan. Nguni't nang dumating ang mga Kastila ay nayurakan ang damdaming ito.

Sa ilalim ng mapagkandiling tulong ng Imperyong Hapones ay malaki na ang nagagawa ng mga Pilipino sa pagtatatag ng Bagong Pilipinas. Ang saligan ay nailatag na,

at kasiyasiya ang mga naganap hangga ngayon, bagay na napuri ni Premier Tozyo at ng Ministro Kazuo Aoki ng Lalong Dakilang Silangang Asia.

Nguni't marami pang nalalabing dapat gawin. At marami pang mga balakid na masusumpungan habang nagpapatuloy ang ating bayan patungo sa ganap na paglaya at pagluklok sa wasto niyang likmuan sa Lupalop ng Samasamang Kasaganaan ng Lalong Dakilang Silangang Asia. Nguni't ang ating bayan ay hindi mawawalan ng loob, palibhasa'y may sapat na pagtitiyaga at batid na nalalapit sila sa hantungang inilaan sa kanila ng Diyos sa ilalim ng mapagkandiling mga sinag ng Sumisikat na Araw. Natatalaga silang makamit ang kanilang mithiin at hindi sila maaaring mabigo!



